# 9 Filipino

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instruction o RBI/TVI).

CLMD CALABARZON

# Filipino

## Ikasiyam Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Elaine T. Balaogan, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan, Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Development Team:** Laura O. Garcia, Arnaldo O. Estareja, Criscel Negosa, Hazel P. Castillo, Chrismy B. Almonasid, Ma. Concepcion M. Aruta, Paulina S. Crescini, Jovi V. Parani

**Filipino Ikasiyam na Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

## Para sa tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag -unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.

3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.

4. Inaasahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.

5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

<table>
<tr><th></th><th>Bahagi ng LM</th><th>Nilalaman</th></tr>
<tr><td rowspan="2">Panimula</td><td>Alamin</td><td rowspan="2">Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.</td></tr>
<tr><td>Suriin</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Pagpapaunlad</td><td>Subukin</td><td rowspan="3">Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.</td></tr>
<tr><td>Tuklasin</td></tr>
<tr><td>Pagyamanin</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Pakikipagpalihan</td><td>Isagawa</td><td rowspan="3">Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.</td></tr>
<tr><td>Linangin</td></tr>
<tr><td>Iangkop</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Paglalapat</td><td>Isaisip</td><td rowspan="2">Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan.</td></tr>
<tr><td>Tayahin</td></tr>
</table>

WEEK 1

# Pagsusuri ng mga Pangyayari Tungo sa Paghatol at Pagmamatuwid

I

## Aralin

Sa ika-21 siglo, mahalaga na tayo ay maging mga mapanuri sa mga pangyayari na ating nakikita, naririnig at nababasa. Sa ating pagiging mabuting manunuri, nakakapagbigay tayo ng mabuting at tamang paghatol at pagmamatuwid sa mga ideyan nakapaloob sa mga akda.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) masuri ang mga pangyayari at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang lipunang Asyano batay sa napakinggang akda, at (b) makabuo ng sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Ang mundo ay nahaharap sa malaking krisis sa kalusugan at ekonomiya ng dahil sa COVID-19. Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Anu anong saloobin ang iyong naiisip at nadarama mula sa larawang ito. Sagutan ang gawain sa iyong kwaderno.



___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Gamit ang larawan sa Gawain sa Pagkatuto Bilanhg 1, sagutan ang mga sumusunod na tanong sa iyong kwaderno.

1. Anong pangyayari ang pwede mong maihambing sa sinasabi ng larawan?
2. Anong mensahe ang nakapaloob sa larawan?
3. Anu-ano ang maaaring sanhi at bunga ng mensaheng nakapaloob sa larawan?
4. Sa tingin mo, paano mapipigilan ang mga pangyayaring nakapaloob sa mensahe ng larawan?
5. Sa iyong palagay, anu-ano ang mga hakbang na maaari mong gawin upang masolusyunan ang mga pangyayaring nakapaloob sa larawan?

**PAGSUSURI NG MGA PANGYAYARI**

Ang pagsusuri ng mga pangyayari ay isa sa mahahalagang hakbang sa pagiging matalino at mapanuring tao. Ang pagiging mapanuri ay isang mahalagang katangiang dapat nating taglayin upang tayo ay makapagbigay ng tamang impormasyon at detalye tungkol sa isang paksa, isyu o aralin.

**PAGHATOL AT PAGMAMATUWID**

Ang paghatol at pagmamatuwid ay isang paraan upang maipamalas natin ang ating mga nalalaman tungkol sa isang isyu, paksa o usapin. Mas nagiging makabuluhan at tama ang pagpapasya, paghatol o pagmamatuwid sa tuwing tayo ay nakakapagsuri ng tama sa mga pangyayari sa ating paligid. Kinakailangan ng kaliwanagan ng isipan at tamang pagtitimbang sa bawat panig o anggulo ng paksa o isyu upang maging patas sa ating paghatol sa mga paksang pinag-uusapan.

Mahalagang ang bawat aspeto at panig ng isyu ay masuri upang maging angkop ang magiging resulta ng pagsusuri at paghatol. Mahalaga ring maunawaan na sa bawat paghatol ay kailangang magkaroon ng pagtutuwid na angkop sa mga umiiral na batas at paniniwalang kultural at pangrelihiyon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Basahin at unawain ang teksto sa ibaba.

## PANIBAGONG PAGHIHIGPIT

Editoryal ng Pilipino Star Ngayon
August 4, 2020 - 12:00 am

Balik sa modified enhanced community qua-rantine (MECQ) ang Metro Manila ngayong araw na ito. Panibagong paghihigpit na naman ang ipatutupad para hindi na lumaganap pa nang todo ang COVID-19 na ngayon ay nasa 106,330 na ang kaso. Ang pagsasailalim sa MECQ ay dahil- na rin sa pakiusap ng health frontliners para mag-karoon sila ng "timeout". Ang pagsasailalim sa MECQ ay inihayag noong Linggo ng gabi ni President Duterte. Tatagal ang MECQ hanggang Agosto 18. Bukod sa Metro Manila, nasa ilalim din ng MECQ ang Cavite, Laguna, Rizal at Bulacan.

Sa ilalim ng MECQ, bawal ang pagpasada ng mga pampasaherong bus, dyipni at maski ang Metro Rail Transit (MRT) at Light Rail Transit (LRT) at iba pang public utility vehicle. Pinag-aaralan kung papayagang bumiyahe ang mga traysikel. Fifty percent lamang ng mga pagawaan o establisimiento ang papayagang magbukas. Bawal din ang dine-in sa restaurants, barber shops, salons, gyms at internet cafes.

Ayon kay Interior and Local Government Secretary Eduardo Año, mag-iisyu muli ng quarantine pass ang barangay sa mga residente. Isang tao lamang ang papayagang lumabas ng bahay para bumili ng mga pangunahing pangangaila-ngan. Magkakaroon din umano ng schedule ang pamimili para maiwasan ang pagdagsa ng tao sa palengke. Mahigpit umanong ipatutupad ang social distancing at ang pagsusuot ng face masks.

Ang paghihigpit na ito ay hindi na gaanong mahirap sa mamamayan sapagkat napagdaanan na ito sa nakalipas na apat na buwan. Sanay na ang mga tao rito. Ang kailangan lamang ay ang pagsunod ng iba pa na nananatiling pasaway kahit na mahigpit na ipinatutupad ang health protocol. Sana sa pagkakataong ito ay sumunod ang iba pa sa ipinag-uutos para makamit na ang minimithing pagbaba ng COVID cases. Huwag na sanang abutin pa ang prediksiyon ng UP experts na aabot pa sa sangkatutak ang dami ng COVID. Makipagtulungan sana ang lahat at sumunod sa utos para matapos na ang problemang ito. Tulungan ang pamahalaan sa dinaranas na ito.

Sanggunian: https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/08/04/2032713/editoryal-panibagong-paghihigpit

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Sagutan ang mga tanong sa inyong baba sa inyong kwaderno.

1. Ano ang modified enhanced community quarantine (MECQ)?
2. Ano ang tinutukoy na 'timeout' ng mga medical practitioner?
3. Ano ang mga sistemang nakapaloob sa MECQ sa aspeto ng:
   3.1 transportasyon,
   3.2 operasyon ng mga negosyo, at
   3.3 health protocol?
4. Ipaliwanag ang mga koneksyon ng usaping kwarantina sa mga prediksyon ng Unibersidad ng Pilipinas.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Sumulat ng talata tungkol sa mga katanungan sa ibaba. Isulat ang mga talata sa inyong kwaderno.

1. Tama ba o mali ang isinagawang muling pagpapatupad ng paghihigpit at kwarantina sa bansa tungkol sa isyu ng COVID-19?
2. Sa iyong palagay, anong mga aspeto ng kwarantina ang dapat nang luwagan?
3. Sa iyong pagsusuri, anong mga aspeto ng kwarantina ang dapat pang higpitan?
4. Bilang isang mag-aaral, anu-ano ang iyong maitutulong sa upang labanan ang COVID-19?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**: Kumuha o gumupit ng isang balitang nakasulat sa wikang Filipino. Idikit sa iyong kwaderno. Tingnan ang isyu o paksang pinag-uusapan. Pagkatapos ay sumulat ng isang sanaysay na nakasentro sa pag-unawa sa isyu. Ibigay ang iyong paghatol sa isyung nabanggit kung ikaw ay sumasang-ayon o hindi. Isulat din ang gagawing pagtutuwid sa mga mali o masamang aspetong nakapaloob sa isyu.

WEEK
2

# Pagbibigay-Kahulugan at Paghahambing sa mga Pangyayari

Aralin

## I

Mahalagang maunawaan ang mga kahulugan at pakikipahulugan sa mga terminolohiya o mga salitang nakapaloob sa isang parirala, pangungusap o teksto. Ang kaalaman sa mga kahulugan ay magbibigay-liwanag sa kontekstong nais bigyang ipahiwatig ng manunulat o tagapagsalita. Kaalinsabay nito, maaari tayong makapagbigay ng pang-unawa gamit ang paghahambing ng mga pangyayari sa iba't ibang konteksto o pamamaraan.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) makapagbigay-kahulugan sa mga mahihirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo o konotatibong kahulugan, at (b) maihambing ang ilang pangyayari sa napanood na telenobela sa ilang kaganapan sa kasalukuyang lipunang.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Bigyang-kahulugan ang mga sumsusunod na salitang nasa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik ng sagot sa iyong kwaderno.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _____1. nilagyan | A. gabi |
| _____2. dilim | B. masama |
| _____3. itim | C. sinuhulan |
| _____4. krus | D. parte ng katawan |
| _____5. palad | E. problema |
| | F. sakripisyo |

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang bawat pangungusap. Tukuyin ang **DENOTATIBO** o **KONOTATIBONG** kahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. **Tampulan** ng taong-bayan si G. Ramos dahil sa di-matawarang pagtulong sakapwa.
   A. Konotatibo kahulugan ________________________________
   B. Denotatibong kahulugan ________________________________
2. **Nilangaw** ang sinehan dahil hindi maganda ang palabas.
   A. Denotatibong kahulugan ________________________________
   B. Konotatibong kahulugan ________________________________
3. Nakasandal sa pader si Mario habang **nag-aagaw-buhay** dulot ng balang tumama sa dibdib.
   A. Denotatibong kahulugan ________________________________
   B. Konotatibong kahulugan ________________________________
4. Dinadaga ang dibdib ni Marcos kapag nakikita ang babaing iniibig.

A. Konotatibing kahulugan ________________________________________
B. Denotatibong kahulugan ________________________________________

5. **Ngiting-aso** ang ngiti ni Jack kapag nakikita ang magagandang dilag sa kanilang nayon.
   A. Denotatibong kahulugan ________________________________________
   B. Konotatibong kahulugan ________________________________________

**PAGBIBIGAY-KAHULUGAN**

Ang pagbibigay ng kahulugan sa isang salita o sa isang bagay ay hindi lamang nakabatay sa isa, maaaring magkaroon ito ng dalawa o higit pang kahulugan depende sa kung paano ito inaanalisa, sinusuri at ginagamit. May mga pagkakataon na nabibigyan ng kaukulang kahulugan ang salita o bagay base sa pananaw, karanasan at maging sa sitwasyon ng buhay.

Paano nga ba nailalapat sa sariling karanasan o sitwasyon ang denotatibo at konotatibong pagpapakahulugan?

Ang pagpapapakahulugan sa isang salita ay tulad din ng pangpapa-kahulugan ng buhay ng tao.Kung titingnan ang pagpapakahulugang denotatibo ng isang salita at buhay halos walang pinagkaiba, parehong mababaw o literal ang kahulugan, ngunit kung titingnan naman ang pagpapakahulugang konotatibo ng isang salita at nang buhay, magkakaroon ng mas malalim at malawak na pagpapakahulugan, Naipaliliwanag at naipakikita ng lubusan ang konotatibong paraan ng pagpapakahulugan sa pamamagitan ng iba't ibang emosyon na nadarama.

Sa kultura nating mga Pilipino, mayaman tayo sa karanasan,sa wika at masging sa mga kaugalian na siyang nagiging daan at batayan natin sa buhay upang mabigyan punto o tiyak na pagpapakahulugan ang isang salita o pangayayri a buhay.Nakakabuo tayo ng iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan maging ito man ay denotatibo o konotatibong kahulugan.

Upang lubos na maunawaang ang pagpapakahulugang denotatibo at konotatibo tunghayan sa ibaba ang maikling pagtalakay.

**KAHULUGANG KONOTATIBO**

⇒ Tumutukoy isa sa ekstrang kahulugang taglay ng isang salita depende sa intensyon o motibo ng taong gumagamit nito.
⇒ Pagpapakahulugan sa mga salita, parilala o pangungusap na hindi tuwiran.
⇒ Ito ay tumutukoy sa iba't ibang kahulugan na ibinibigay sa salita depende sa intensiyon (agenda).
⇒ Maaaring magtaglay ng pahiwatig na emosyon na umaangkop sa gamit ng isang pahayag at pag-iba-iba ayon sa saloobin, karanasan at sitwasyon ng isang tao.

**KAHULUGANG KONOTATIBO**

⇒ Ito ay nagtataglay o nagpapahiwatig ng neutral o obhetibong kahulugan ng mga termino.
⇒ Ito ay tawag sa kahulugang hinango sa diksyunaryo na ginagamit sa pin-akasimpleng pahayag.
⇒ Ito ay nagbibigay ng tiyak na kahulugan o mas tinatawag na literal o totoong kahulugan ng isang salita.

⇒ Diksyonaryo o diksyonaryong kahulugan.

**Mga Halimbawa :**
1. Papak
2. Lumagay sa tahimik
3. May gatas pa sa labi

**Gamit sa pangungusap ng Konotatibong kahulugan:**
Halimbawa:
1. May pakpak ang balita kaya naman mabilis nalalaman ng madla.
2. Nasa wastong edad na si Arnold kaya nais ng lumagay sa tahimik.
3. May gatas pa sa labi si Anton ngunit marunong na sa buhay.

**Gamit sa pangungusap ng Denotatibong kahulugan:**
Halimbawa:
1. Ang ibong ay may pakpak kaya nakakalipad.
2. Sa edad na siyamnapu, lumagay na sa tahimik si Mang Carding.
3. Nakalimutang magsipilyo ni Ramon pagkatapos kumain kaya may gatas pa sya sa labi.

## PAGHAHAMBING SA MGA PANGYAYARI

Maliban sa pang-unawang dulot ng kahulugang konotatibo at denotatibo, makakatulong ang maghahambing ng isang tekstong nabasa, narinig o napanood upang mas lubos na maintindihan ang konseptong ipinapahiwatig ng isang pakasa. Maaring maihambing ang isang teksto sa sariling buhay, kaibigan o kakilala at maging sa mga mahahalagang pangyayari sa ating lipunan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Sa loob ng mga paghayag na nagmula sa akda, ibigay ang denotatibo o konotatibong kahulugan ng mga salita.

1. Ang ibig sabihin ng pahayag na, "Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kaniyang mga luha" ay….

> Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kaniyang mga luha at saka tumayo. Mayroon siyang naisip. Mula ngayon, magiging mabuti na siyang ama. Dinukot niya sa bulsa ang perang binigay ng kanyang amo sa asawa na kanyang inabot naman ito agad sa kanya tulad ng nararapat.
>
> **(Halaw sa kwentong "AMA' mula sa Singapore Isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena)**

A. Kinalma B. Sinugpo C. Pinigil D. Hinadlanagan

2. Ang ibig sabihin ng pahayag na ito ay…

> Ngunit tumakas ang dugo sa kanyang mukha habang sinisilay ang isang pilit na ngiti sa kanyang labi.
>
> **(halaw mula sa kwento ni Mabuti isinulat ni Genoviva Edroza Matute)**

A. nawala ang dugo
B. lumabas ang dugo
C. tumataas ang dugo
D. umapawa ang dugo

3.Ang konotatitabong kahulugan ng pahayag na ito "Alam ni Adrian na hindi na siya maliligaw. Hinding-hindi na." ay....

> "Alam ko nais mo akong iligaw sa loob ng kagubatan. Anak, palatandaan ito na dito tayo dumaan, para sa pagbalik mo ay hindi ka maliligaw."
> Lalong bumilis ang pag-agos ng luha ng binata. Walang kaimik-imik, muling pinasan ni Adrian ang ama at natagpuan ang sariling bumabalik sa lugar kung saan sila nanggaling.
> Alam ni Adrian na hindi na siya maliligaw. Hinding-hindi na.
>
> **(Halaw sa kwentong Nang Minsan naligaw si Adrian salaysay ni Romulo N. Peralta)**

A. di magkakamali ng daanan
B. di magkamali ng desisiyon sa buhay
C. di magkakasalang muli
D. di na maligaw ng lugar na puputahan

4. Ang konotatibong pakahulugan ng pahayag na, "Di ko gusto ang batang matigas ang ulo!" ay...

> "Di ko gusto ang batang matigas ang ulo! Di lang sampal ang matitikman mo kapag umulit ka pa. Hala, kunin mo ang mga isda at sumunod ka agad sa akin."
>
> **(halaw sa Paalam sa Pagkabata salin ni Nazareno D. Bas sa "Panamilit sa Kabantanon ni Santiago Pepito")**

A. Matigas parang bato
B. Matigas parang bakal
C. Hindi sumusunod
D. Matapang

5. Ang denotatibong kahulugan ng pahayag ay...

> "Ngunit ang damdamin ko'y tila tigang na lupang pinagkaitan ng ulan."
>
> **(Mula sa Paalam sa Pagkabata salin ni Nazareno D. Bas sa "Panamilit sa Kabantanon ni Santiago Pepito")**

A. Walang pakiramadam
B. Walang pakialam
C. Tuyo't na tuyot
D. Uhaw sa tubi

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Gamit ang mga pahayag na nasa loob ng kahon sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 3, ihambing ang bawat isa sa mga mahahalagang pangyayari sa ating bansa, sa Asya at sa buong mundo. Pagkatapos, ipaliwanag kung papano sila nagkatulad o nagkaiba.

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Pumili ng iyong paboritong telenobela. Sagutan ang talahanayan sa ibaba gamit ang iyong kwaderno.

______________________________

Ang Paborito Kong Telenobela

| **Mga Tauhan** | **Mga Lugar ng Pangyayari** |
|---|---|
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gamit ang iyong napiling telenobela, isulat ang lagom o buod nito sa iyong kwaderno.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Gamit ang iyong buod, isa-isahin ang mga salitang may malalim na kahulugan. Pagkatapos, tukuyin ang kahulugang konotatibo at denotatibo ng bawat isa. Gawin ito sa iyong kwaderno.

| **Mga Salita/Terminolohiya** | **Kahulugang Konotatibo** | **Kahulugang Denotatibo** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sa tulong ng iyong paboritong telenobela, ihambong ang mga mahahalagang pangyayari o isyu sa kwento sa mga mahahalagang pangyayari sa ating lipunan, sa bansa, sa Asya o sa buong mundo. Gawin ito sa iyong kwaderno.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

WEEK 3

# Pagsusuri ng Maikling Kuwento


I

Aralin

Ang maikling kuwento ay isa sa pinakahalagang sangkap ng panitikang Pilipino. Ang ating kultura ay napakayaman sa mga maikling kuwento na nakapaloob sa mga kasaysayan ng ating mga bayan, pangyayari at paniniwala. Ang mga maikling kuwentong ito ay sumasalamin sa ating kultura at pagka-Pilipino.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) masuri ang maikling kuwento batay sa paksa, tauhan, pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, estilo sa pagsulat ng awtor, at iba pa; (b) mapagsunod-sunod ang mga pangyayari; at (c) mapagsunod-sunod ang mga pangyayari gamit ang angkop na pang-ugnay.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang tsart sa ibaba, punan at kumpletuhin ang kuwento gamit ang hudyat na panimulang pangungusap. Gawin ito sa iyong kwaderno.



D

**MAIKLING KUWENTO**

Ang maikling kuwento ay isang mahalagang bahagi ng ating panitikian. Ito ay sumasalamin sa malalim nating paniniwala, kultura, kaugalian at pagkakakilanlan. Ang maikling kuwento ay binubuo ng mga tauhan (mga gumagalaw o gumagampan sa kuwento) at mga pangyayaring nakapaloob dito.

Ang maikling kuwento ay binubuo ng mga sumusunod na bahagi:

1. **Panimula** - ay ang magpapakita ng magandang direksyon ng kuwento.
2. **Saglit na kasiglahan** - ay naglalarawan sa panimula hanggang sa paglalahad ng suliranin at lunas o solusyun dito.
3. **Suliraning inihahanap ng lunas** - ay nakaaloob sa paggising ng kamalayan o damdamin ng tauhan tungkol sa suliraning pinagdadaanan.
4. **Kasukdulan** - ay bahagi ng kwento na nagpapakita ng lubhang kawilihan sa daloy ng kuwento.
5. **Kakalasan** - ay ang panghuling bahagi ng kuwentong magbibigay ng sa mambabasa ng pag-iisip tungkol sa iba't ibang isyu o suliraning nakapaloob sa kuwento.

**PANG-UGNAY**

Sa pagpapadaloy ng kuwento, mayroong mga salitang maari tayong gamitin upang mas makita ang kaugnayan ng mga salita, parirala o pangungusap upang mahabi ang magandang koneksyon ng bawat isa. Ang mga ito ay tinatawag na pang-ugnay.

Ang **pang-ugnay** ay tawag sa mga salitang nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga salita, parirala o pangungusap. Mayroong tatlong uri ng pang-ugnay na binubuo ng mga sumusunod:

1. **Pangatnig** - mga salitang pang-ugnay sa mga salita o parirala o sugnay na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod.

   **Pangatnig na Magkatimbang:**

   | | | | | |
   |---|---|---|---|---|
   | at | pati | saka | ni | datapuwa |
   | maging | ngunit | | subalit | |

   **Pangatnig na Di-Magkatimbang:**

   | | | | |
   |---|---|---|---|
   | kung | nang | kapag | upang |
   | dahil sa | sapagkat | kaya | para |

2. **Pang-angkop** - salitang nag-uugnay sa panuring at tinuturingan.

   na  -g  -ng

Halimbaw: kapatid **na** lalaki  lalaki**ng** kapatid

3. **Pang-ukol** - katagang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap.

   | | | | |
   |---|---|---|---|
   | ng | ni/nina | kay/kina | laban sa/kay |
   | ayon sa/kay | ukol sa/kay | tungkol | hinggil sa/kay |
   | alinsunod sa/kay | | | |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at unawain ang kuwento sa ibaba.

## ANG GILINGANG BATO

ni Edgardo M. Reyes

May kahulugan sa buhay ang gilingang bato ng kanyang ina.

Walang nakaaalam kung gaano na katanda ang gilingang bato. Ito'y nagisnan na naming magkakapatid. Ayon kay Ina, ito'y minana niya kay Impo, na minana rin naman daw ni Impo sa sariling ina nito. Sa likod niyan ay wala nang makapaglahad sa kasaysayan ng gilingang bato, maliban sa sabi-sabi na ang kalahian daw ni Ina ay kalahian ng magpuputo. Ang ina raw ni Impo ay isang mahusay na magsusuman na kinilala sa buong San Fermin at dinarayo maging ng mga tagakaratig-bayan na nagnanais magregalo o maghanda ng espesyal na suman sa kapistahan, kasalan at iba pang okasyon na may handaan.

Si Impo ay naging kabalitaan daw naman sa kanyang bibingkang sapin-sapin. At kung ang pagpuputo ay likas sa talinong namamana, si Ina ang tanging nakamana niyon pagka't sa kanilang magkakapatid, tatlong lalaki at apat na babae, siya lamang ang lumabas na magpuputo.

Sa mangasul-ngasul na hilatsa ng gilingang bato, ang pinag-ukitang batong-buhay ay maaaring sintanda na ng panahon. Ngunit ang mismong gilingan ay hindi kapapansinan ng kalumaan, maliban sa tatangnang mulawin na kuminis na at nagkabaywang sa kaiikot ng sarisaring kamay.

Hindi ko alam kung gaano kahusay na magpuputo si Ina. Sa lasa ko, ang kanyang lutong mga kakanin, na bihira kong tikman, ay wala namang katangi-tanging sarap. Ngunit maaaring dahil ako'y sawa na. Nawawalan ng lasa ang pinakamasarap mang pagkain kapag araw-araw ay nakahain iyon sa iyo. Ngunit maaaring masarap ngang magkakanin si Ina, pagkat siya, tulad ni Impo, ay naging kabalitaan din sa pagpuputo.

Ang pagkakanin ni Ina, kung bagaman, ay hindi siyang sandigan ng aming kabuhayan noong nabubuhay pa si Ama, na isang panday. Kung baga'y nakatutulong lamang si Ina. Ngunit biglang-bigla ang pagkamatay ni Ama. Nakaramdam ng naninigid na pananakit sa puson at pamamanhid sa paligid ng pigi, inakalang iyon ay kung ano lamang na titigil din nang kusa, at nang oumayag na pahatid sa ospital (nang panahong iyon ay mayayaman lamang ang karaniwang nagpapaospital) sa kabisera ay huli na; mula sa San Fermin hanggang sa kabisera ay dalawang oras na paglalakbay sa karitela, at sa daan pa lamang ay sabog na ang apendisitis.

Maliit pa ako noon, pito o walong taon, upang akin nang maunawaan ang kahulugan ng pagyao ni Ama at ang mga naiwan. Ngunit nang malaki na ako, ang pangyayari'y napag-uusapan pa rin paminsan-minsan ng aking mga kapatid at ang nilalaman ng kuwento-kuwento ay nag-aalay ng tagni-tagning kabuuan.

Dalawang beses lamang daw umiyak si Ina: sa aktuwal na sandali ng pagkamatay ni Ama at nang ang bangkay ay ibinababa na sa hukay. ang pait ay kinimkim sa kalooban, ayaw iluha. At sa libing pa lamang ay usap-usapan na ng mga tao kung paano kami mabubuhay ngayong wala na si Ama. Kawawa raw naman kami.

Tatlong araw pagkaraan ng libing ay pinulong daw kami ni Ina (hindi ko ito natatandaan).

"Wala na'ng ama n'yo. Ano'ng iniisip n'yo ngayon sa buhay natin?"

Isa man daw sa amin ay walang umimik -- si Kuya (panganay sa amin at mga 17 taon noon), si Ate, si Diko, si Ditse, saka ako (bunso).

"Mabubuhay tayo," sabi raw ni Ina. "Pero kikilos tayong lahat."

Dati, si Ina ay nagpuputo lamang kapag may pagawa sa kanya. Ngunit ngayong wala na kaming ibang pagkukunan ay hindi na maaari iyong umasa na lamang kami sa dating ng order; kailangang magputo kami at magtinda araw-araw.

Naging abala ang gilingang bato mula noon. Gumigiling kaming lahat, palit-palitan. Sa umaga, ang malagkit ay nakababad na. Sa hapon ang simula ng paggiling, na inaabot ng katamtamang lalim ng gabi. Hindi madaling gilingin ang tatlo-apat na palangganang galapong.

Bukod sa mga tanging pagawa, si Ate at si Kuya ay nagtulong sa isang puwesto ng bibingka at puto-bumbong sa kanto. Si Ditse ay nakapuwesto sa palengke tuwing umaga, sa hapon ay lumilibot, sunong ang bilao ng sumang malagkit at suman sa lihiya. Si Diko, na ang karaniwang tinda'y butse at palitaw, ay nakababad naman sa palaruan ng pool sa bayan, ngunit tuwing Sabado at Linggo ay nakapuwesto sa harap ng sabungan. At maging ako, sa edad kong iyon, ay nagtitinda rin, naglalako ng gurgorya, bagama't hindi ako lumalayo nang malayo.

Natatandaan ko na minsan ay napaaway ako sa aking paglalako ng gurgorya. Dalawang bata ang nakisabay sa lakad ko, at tuwing itatawag ko ang aking tinda ay ginagagad ako. Nakipagbabag ako dahil doon. Umuwi ako nang ngumangalngal, dumurugo ang bibig, may kalmot sa leeg at sa pisngi. Nagsumbong ako kay Ina, ngunit ako ang kanyang sinisi. Hindi ko raw dapat pinansin ang panunukso, at lalong hindi raw nararapat na makipagbasag-ulo ako nang dahil lamang doon. Pinadapa niya ako, tatlong sunod na pinalo ng patpat.

"Di mo dapat ikahiya'ng paghahanapbuhay," sabi niya. Inulit niya ang pangaral na ito sa aking mga kapatid kinagabihan. "Ayoko ng ikahihiya ng sinuman sa inyo ang hanapbuhay natin. Hindi tayo nagnanakaw. Pinaghihirapan natin 'to!" Ngunit ang higit daw na pinag-uukulan niyon ay si Kuya, na diumano, sapagkat binata na, ay malimit magparamdam kay Ate ng pagkahiya sa bibingkahan at puto-bumbungan.

Hindi naman sa paglapastangan sa alaala ni Ama, magaan-gaan ang naging pamumuhay namin kaysa noong siya'y buhay. Ang aming bahay na pawid at kawayan ay naging tabla at yero. Sa gabi, ang kabuuan ng mga entrega ng pinagbilhan ay tinutuos ni Ina, ang tubo ay inihihiwalay sa puhunan, itinatabi.

Matrabaho ang pagkakakanin. Mula sa pangunguha ng mga dahon ng saging hanggang sa pagtitinda ng luto nang mga kakanin ay samut-samot na paghahanda at gawain. Ngunit sa kabila ng mga kaabalahan ay naisisingit namin ang pag-aaral, maliban lamang kay Ditse, na sapagkat may kapurulan ang ulo sa eskuwela ay tumigil pagkaraang makapasa, nang pasang-awa, sa ikalimang grado.

Nauna si Kuya na nagkolehiyo (sa Maynila, pagkat noo'y wala pang kolehiyo sa lalawigan), sumunod si Ate, sumunod si Diko. Nababawasan ang katulong ni Ina sa hanapbuhay ay nadaragdagan naman ang paggugugulan. Tatlo na lamang kaming naghahali-halili sa gilingang bato. Sa isang banda'y maipagpapasalamat ko na naging mapurol ang ulo ni Ditse, sapagkat kung hindi ay sasapit sana na ako lamang ang maiiwang katulong ni Ina.

Patuloy ang pagtanggap ni Ina ng mga pagawang puto at suman. Si Ditse ang pumalit sa bibingkahan at puto-bumbungan. Sa akin napasalin ang pagtitinda ng kakanin sa palaruan ng pool sa bayan, at sa sabungan tuwing sabado at Linggo. Gayunman, ang kita namin ay hindi na katulad noong lima kaming kabalikat ni Ina sa hanapbuhay.

Tulad ng aming nakatatandang mga kapatid, nang matapos namin ni Diko ang mga kursong pinili namin at magkaroon ng sariling trabaho, ang sumunod na hinarap namin ay pag-aasawa. Si Ditse ang pinakahuling nag-asawa sa amin, at ang naging kapalaran naman ay isang magsasaka.

Nalayo kay Ina ang kanyang mga anak, liban kay Ditse, at sa napangasawa nito na nakapisan sa kanya, sa dating bahay namin. Kaming tatlong lalaki ay layu-layo rin ng tirahan

sa Kamaynilaan. Si Ate, na ang napangasawa ay isa ring titser na tulad niya, ay iniuwi ng aking bayaw sa sariling bayan nito, sa Santa Cruz, Laguna, at doon sila parehong nagtuturo.

Ngunit hindi kami nakalilimot ng pagdalaw kay Ina. Lalo na tuwing Pasko, nasa kanya kaming lahat, pati na ang mga manugang at mga apo.

Talagang matanda na noon si Ina. Pilak na ang kanyang nandadalang na buhok, luyloy na ang kalamnan ng mga braso, lumaladlad na ang mga pisngi. Ngunit sa larawang iyon ng katandaan ay mababakas pa rin ang katatagan, at sa may kalabuan nang mga mata ay masasalamin ang kawalang-pagsisisi sa kanyang buhay at sa kanyang pagiging isang ina.

At bakit nga hindi? Sa abot ng kanyang kaya ay nagawa niya ang pinakamabuti para sa kanyang mga anak. Bukod sa pagdakila ng kanyang mga anak, siya'y pinupuri ng mga nakakakilala. Sa San Fermin, ang anak ng isang kutsero ay maaasahang magiging isang kutsero din. Ngunit kami, apat kaming nakapag-aral at ang ikalima'y dapat sanang nakapag-kolehiyo din kung di lamang sa isang kakulangan. Bihirang ina ang makagagawa ng nagawa ni Ina.

Si ditse ay abala na sa sariling mga anak upang maasikaso pa ang pagtitinda ng mga kakanin. Ngunit si Ina ay tumatanggap pa rin ng mga pagawang puto at suman. Iisa ang payo ng kanyang mga anak, na dapat na siyang tumigil sa mabigat na gawaing iyon, dapat na niyang iukol ang nalalabing mga araw ng kanyang buhay sa pamamahinga. Ngunit ayaw niya kaming pakinggan.

"Madadali'ng buhay ko pag sinunod ko kayo," katwiran niya.

Sa lungsod ay walang katatagan ang pamumuhay. Maaaring may trabahao ka ngayon, maaaring bukas naman ay wala. Darating sa iyo ang sarisaring di mo inaasahang mga kagipitan.

Umaabot ito kay Kuya, sa akin, at lalo na kay Diko, na ang tinapos lamang ay kursong vocational radio-TV technician. At sa kagipitan, ang takbuhan ni Kuya at Diko ay si Ina. sa pananalita ni Kuya at ni Diko, ang kinukuhang pera ay hiram, ngunit sa pagbabayaran ay hindi naman tinatanggap ni Ina.

"Hamo na. Mahirap 'yong kayo pa'ng kapusin. Nasa Menila kayo, walang malalapitan."

Ngunit ako, sa kagipitan, ay sa mga kaibigan lumalapit. Anhin ko mang wariin ay hindi ko kayang dibdibin na hingan ng pera, sa porma ng hiram, si Ina, na tuwing maaalala ko ay sa kalagayang matanda at mahina na ay pumipihit pa rin ng gilingang bato.

Ang totoo, ni minsan mula nang ako'y magkapamilya ay hindi ko ipinahalata sa kanya na ako'y kinakapos sa pera. sa pagdalaw ko sa kanya ay mangyari pa na ako'y may pasalubong na -- na ang ibinili ay maaaring inutang ko lamang. At gayundin, sa aking pagpapaalam ay may iaabot ako sa kanya na sampu-dalawampung piso -- na maaari ring inutang ko lamang. kahit anong pilit naman ang gawin ko ay hindi niya iyon tatanggapin.

Nangungutang ako ng perang ibibigay ko sa kanya, na alam kong hindi naman niya kukunin, upang mapalabas ko na ako'y nakaluluwag, sapagkat ngayong kami'y may kanya-kanya nang pamilya, si Ina, kapag tungkol sa pera, ay may ibang trato sa amin. Kung gaano siya kapilit sa pagbibigay ng pera sa mga anak ay gayundin naman siya kapilit sa pagsasauli sa perang bigay ng mga anak.

Kapag umuwi ang isang anak niya, at sa pagpapaalam ay walang iniaabot na pera, ang hinala agad niya ay gipit ang anak niyang ito, at kaya umuwi ay may kailangan, nahihiya nga lamang na magsalita. Dudukot siya ng pera sa kanyang bulsikot at ipipilit iyon sa anak. At kung ibig ng anak na magdamdam at magtampo ang ina, ang kailangan lamang na gawin ay tanggihan ang perang ibinibigay.

Kaya't ako, sa pagdalaw ko, upang hindi hinalain ni Ina na ako'y hikahos, at upang hindi ako alukin ng perang sa ayaw ko at sa ibig ay kailangang kunin ko, ay nangungutang ako sa kaibigan, kung ako'y walang pera, upang may maiabot sa kanya sa aking pagpaalam. Hindi

niya tatanggapin iyon, alam ko, ngunit hindi na lamang niya ako sapilitang bibigyan ng pera pagkat sa akala niya ay maluwag ako, na siyang kahulugan ng aking pagbibigay.

At isa pa ay ayokong isa pa ako sa kanyang mga anak na iniintindi niya. Ibig ko na kapag naaalala niya ako at ang aking pamilya ang nasa isip niya ay patag ang aming lagay.

Minsan, sa pag-uwi ko ay dinatnan ko si Ina sa akto na paggiling. Bago ko inagaw sa kanya ang trabaho ay ilang sandali munang minasdan ko siya sa pagkakaupo ko sa kanyang tabi. Makupad na at hirap ang kanyang mga kilos. May kinig na ang kanyang mga kamay sa pagsusubo ng binabad na malagkit. Mabagal na ang ikot ng pang-ibabaw na taklob ng gilingang bato. Pasaglit-saglit ay tumitigil siya, naghahabol ng hininga. Wala na ang kanyang dating lakas, sigla at liksi. Ngunit ang pinagtatakhan ko ay kung paanong ang tuyot nang bisig na iyon ay nakakaya pang makapihit ng gayong bigat.

Sa bawat tulak at sa bawat kabig ay lalong nanlalalim ang kanyang malalalim nang balagat. Ang nag-usling mga ugat sa kanyang braso ay waring nagsisipagbantang mag-igkasan. Natuon ang tingin ko sa kanyang kamay: kuluntoy, butuhan. Si Ina ay anino na lamang ng kanyang dating sarili, ngunit ang gilingang bato ay iyon pa rin. Sa gilingang bato ay nabanaag ko ang panahon; sa lantang kamay ni Ina ay nakita ko ang mga huling sandali ng pakikihamok ng tao sa panahon. Ang tao ay dumarating at yumayao; ang panahon ay nananatili. Si Ina ay tao; ang gilingang bato ay panahon.

Inagaw ko ang gilingan. Ayaw niyang ibigay iyon. Sa pagpipilitan namin ay napahawak siya sa kamay ko. Naramdaman ng aking kamao ang ligasgas ng kanyang makapal at nagkakalyong palad. Nakadama ako ng di maunawaang panliliit at pagkahiya.

Bumitiw siya sa tatangnan.
"Mahihirapan ka," sabi niya.
Ako, na bata at malakas, ang kanyang inalala, hindi ang kanyang sarili!
"Dati kong trabaho 'to," sabi ko.

Dati ko ngang gawain iyon, ngunit nang mga sandaling iyon, na muling paghawak ng gilingan pagkaraan ng maraming taon, ay nakaramdam ako ng paninibago. Kaybigat niyon! Nangalay agad ang kanang braso ko at kinailangang ihalili ko ang kaliwa. Napansin iyon ni Ina at siya'y nangiti.

"Hindi ka na 'ta marunong," sabi niya.

Noong araw, kahit sa kamuraan ko, ay parang nilalaro ko lamang ang paggiling. Ang palanggana'y napapangalahati ko sa galapong nang hindi ako nagpapalit ng kamay. Bakit ngayo'y kayhirap? Naisip ko na ang gaan at bigat ng isang gawain ay naaayon lamang sa kasanayan.

"Sino ba naman ang nagpapagawa pa sa inyo?" tanong ko.
"Isang taga-Kamyas. Naimporta. Panregalo daw sa binyagan."

"Hindi na kayo dapat pang tumanggap ng trabahao. At sila . . . hindi ba nila nakikita na sa edad n'yong 'yan e kawawa naman kayo kung pagtatrabahuhin pa?"

"Kaya ko 'yan."

Hindi alam ni Ina ang taon, maging ang buwan at petsa ng kanyang kapanganakan. Ngunit nang siya'y namaalam at tuusin namin ay humigit-kumulang siya sa 80 taon.

Sa mga huling araw ni Ina, siya'y nagpaaninaw na at mahinang-mahina na upang makayanan pang pumihit ng gilingang bato. At ang kanyang sinabi noon, ang pagtigil sa gawaing mahal sa kanya ay maaaring magpadali sa kanyang buhay, ay waring nagkatotoo. Ayon kay Ditse, mula nang "mamahinga" si Ina ay naging masasakitin ito, bumilis ang panghihina. Gayunman, kahit paipud-ipod ay lumalabas ito sa kusina, dinadalaw ang kanyang gilingang bato, na nakatabi sa ilalim ng kalanan. Hinuhugasan nito iyon, o dili kaya'y pinupunasan ng basahang basa.

Bigla rin ang kanyang pagkamatay, tulad ng pagyao ni Ama. Ang kalooban namin ay handa na sa mangyayari ngunit inakala namin na mabubuhay pa siya nang mga dalawa o tatlong taon pa. Ngunit isang umaga ay dumating sa amin ang aking bayaw (asawa ni Ditse) at ibinalita na patay na si Ina. Kung ano ang kinamatay, mahirap matiyak. Ngunit hinulaan namin, batay sa nakita sa kanya na mga palatandaan bago siya namatay, na iyo'y pulmonya.

Tatlong gabing paglalamay. Sa usap-usapan ay maraming papuri kay Ina. Di na iilang patay ang napagmasdan ko sa pagkakaburol, at pangkaraniwang larawan ng patay sa pagkakaburol ay hapis. Ngunit ang aming Ina, sa pagkakaburol, ay waring nakangiti pa!

Nairaos nang maayos ang libing. At kahit sa kanyang kamatayan, kaming mga anak ay hindi nagkaroon ng pagkakataong gastusan siya. May pera siya sa kanyang bulsikot, mahigit na dalawang daang piso, husto na sa isang payak, payapang libing.

Pagkaraan, bago kami magkanya-kanya ng uwi, ay pinag-usapan namin ang tungkol sa mga naiwang pamana sa amin ni Ina.

Bahagi ito ng isang matandang kaugalian hindi lamang sa San Fermin bagkus sa buong lalawigan na sa pagyao ng isang magulang, ang bawat isa sa mga anak ay kailangang kumuha ng kahit isa man lamang na bagay na naiwan, may materyal mang kahalagahan o wala. Ang dapat piliin ng isang anak ay kung alin ang inaakala niya na higit na makapagpapagunita sa kanya sa yumaong magulang.

Ang bakuran at ang bahay ay hindi na dapat pang pag-usapan. Buhay pa si Ina ay napagpulungan na namin (si Kuya, si Ate, si Diko saka ako) na sa ano't ano man, ang bahay at bakuran ay kay Ditse. Itinuturing namin na siya ang pinakakawawa sa aming magkakapatid. Kinikilala rin namin na siya ang may pinakamalaking naitulong kay Ina sa hanapbuhay, na kaming apat, hindi si Ditse, ang higit na nakinabang. Siya rin sa aming lima ang tanging nakapagsilbi sa aming ina sa huling panahon ng buhay nito.

Inisip namin ang iba pang mahalagang bagay na naiwan ni Ina.
Isang singsing na may limang maliliit na butil ng brilyante.

"Ibigay na rin natin 'yon kay Chedeng," mungkahi ni Ate, na ang tinutukoy ay si Ditse. Alam ni Ate na wala ni isang pirasong alahas si Ditse.

"Yon ba'ng gusto mo?" tanong ni Kuya kay Ditse.
Tumango si Ditse, tangong alanganin, nahihiya.
Isang karaniwang hikaw na tumbaga.

"Kung walang may gusto n'on sa inyo," sabi ni Kuya, "yon na lang ang sa 'kin. Para kay Ester," na tinutukoy naman ay ang kanyang asawa.

Sang-ayon kami.
Naalala ni Ate ang bulaklaking bestido ni Ina, na regalo rin naman niya, ni Ate, sa aming ina noong nagdaang Pasko. Iyon na lamang daw ang kukunin niya, sabi ni Ate.

"Sa 'kin 'yong bulsikot!" sabi ni Diko. "Baka sakaling kung ibitin ko sa loob ng aming aparador e magbigay sa 'min ng konting suwerte sa pera."

Hindi namin napigil, napangiti kami. Marahil, ang pinagbatayan ni Diko sa kanyang "pamahiin" ay ang kaalaman niya na kailanman ay hindi nawalan ng lamang pera ang bulsikot ni Ina. Iyo'y yari sa sinauna, antigong seda; tahing kamay, at kung hindi ako nagkakamali ay matanda pa sa akin.

Binalingan ako ni Kuya. "Ikaw?"

Sinabi ko na ang nakakuwadro, ipinintang larawan ng aming mga magulang sa bihis-pangkasal.

Lahat sila'y nanganga, natigilan. Nahiwatigan ko ang panghihinayang nila na walang nakaalala sa kanila sa larawang iyon.

"O, maayos na?" pagkuwa'y tanong ni Kuya.
Tanguan kami.

Pagkaraa'y kanya-kanya nang pagpapaalam sa mga maiiwan, dala ang kanya-kanyang inaring pinakamahalagang alaala ng yumaong magulang.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kumuha ng isang maikling kuwento. Basahin at ang kuwento. Gumawa ng buo nito at isulat sa iyong kuwaderno. Mula sa iyong kuwento, sagutan ang mga sumusunod na tanong sa inyong kwaderno.

1. Sinu-sino ang mga tauhan sa kuwento?
2. Saan at kailan nangyari ang kuwento?
3. Ibigay ang pagkakasunod-sunod ng mga importanteng pangyayari batay sa mga bahagi ng maikling kuwento.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Gamit ang nabuong mga pangungusap sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 1, sumulat niyong sariling kuwento tungkol sa mga tauhang sina Ethan at Nathan. Gumamit ng tamang mga pang-ugnay. Kulayan ang mga pang-ugnay na ginamit. Gawin ang mga ito sa iyong kwaderno.

WEEK 4

# Nobela

Aralin

I

Kagaya ng maikling kuwento, ang mga nobela ay mahalagang bahagi rin ng ating mayamang kasaysayan at panitikan. Ang mga nobela ay mas mahabang bersyon maikling kwento na may mas maraming tauhan, mas maraming lunan at mas detalyadong pagkakahanay ng kuwento.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) mauri ang mga tiyak na bahagi ng akda na nagpapakita ng pinakamataas na katotohanan, kabutihan at kagandahang batay sa napakingggang bahagi ng nobela; (b) nasusuri ang tunggaliang tao vs. sarili sa binasang nobela; at (c) nabibigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig sa ginamit na akda.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ano ang iyong paboritong nobela? Maaari mo bang ibahagi ang dahilan kung bakit paborito mo ito? Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kwaderno.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

D

**NOBELA**

Ang nobela ay isang mahalagang uring pampanitikan na nagpapakita ng mga pangyayari na isinulat sa pinakamaayos na pagpaplano at pagbabalangkas ng mga importanteng bahagi at sangkap nito. Ito ay madalas na sumasalamin sa mga isyu sa lipunan.

Mayroong iba't ibang sangkap ang nobela na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. tagpuan - lugar at panahon ng mga pinangyarihan
2. tauhan - nagpapapagalaw at nagbibigay buhay sa nobela
3. banghay - pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa nobela
4. pananaw - panauhang ginagamit ng may-akda **a. una** - kapag kasali ang may-akda sa kwento **b. pangalawa -** ang may-akda ay nakikipag-usap, **(c) pangatlo** - batay sa nakikita o obserbasyon ng may-akda
5. tema - paksang-diwang binibigyan ng diin sa nobela
6. damdamin - nagbibigay kulay sa mga pangyayari
7. pamamaraan - istilo ng manunulat
8. pananalita - diyalogong ginagamit sa nobela
9. simbolismo - nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa tao, bagay at pangyayarihan

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Basahin at unawain ang buod ng nobelang *Gapo* na isinulat ni Lualhati Bautista.

**GAPO**

Lualhati Bautista

Si Michael Taylor Jr. ay isang dalawangpung taong gulang na folk singer sa isang bar na nagngangalang freedom pad. Anak siya sa labas ng isang amerikanong sundalo na hindi niya nakita man o nakilala. Malaki ang galit niya sa mga amerikano dahil sa ginawa ng ama niyang pag-iwan sa kanyang ina at sa kanyang pagiging anak sa labas na ginawang katatawanan ng iba. Lalo siyang nagalit nang masaksihan niya ang pag-aalipusta ng mga sundalong amerikano sa mga kaibigan niya. Si Dolores, ang ina niyang nag-ampon dito at nakasama niya sa paglaki. Si Magda ay isang masugid na tagahanga ng mga sundalong Amerikano sa kabila ng mga pasakit na dinanas niya ng dahil sa mga ito. Matalik na kaibigan ni Michael sina Modesto at Ali. Si Modesto ay isang pilipinong manggagawa sa base militar. Api-apihan ito sa pinagtatrabahuan niya. Wala siyang kaibigang amerikano roon maliban kay William Smith. Tinitiis niya na lamang ang kanyang trabaho dahil malaki ang halagang kinikita niya rito. Si Ali naman ay isang baklang masalapi. At nagkarelasyon sila ni Modesto. Naging kasintahan niya ang isang amerikanong sundalo na si Richard Halloway.

Isang araw, hindi na natiis ni Modesto ang pang-aapi sa kanya ng mga sundalong amerikano sa base militar. Nakipagsagutan siya sa isang opisyal doon at nauwi ito sa suntukan. Lamang sana si Modesto nang pagtulungan siya ng mga kasamahan ng sundalong puti. Sa kabila ng pagpipigil at pakikiusap ni William, napatay nila si Modesto.

Si Ali naman ay ninakawan nina Richard at Ignacio at binugbog rin.

Si Magda ay nagkaroon ng panibagong kasintahang sundalo na nagngangalang Steve Taylor. Noong simula ay napakabait ni Steve hanggang sa sa nabuntis siya nito. Makakatagpo na sana ni Michael ng isang kaibigan sa sundalong kano nang matuklasan nilang mayroon itong babalikang pamilya sa Estados Unidos.

Nanumbalik ang mga alaala niya sa sinapit ng kanyang ina, pati nina Ali at Modesto sa nga amerikano. Naulit na naman ang paglilinlang ng mga sundalong amerikano kay Magda. Hinampas ni Michael si Steve sa ulo gamit ang kanyang gitara na ikinamatay ni Steve. Nakulong si Michael.

Sa huling bahagi ng istorya ay dinalaw ni Magda si Mike sa kulungan. Ipinagpaalam niya ang pagpapangalan ng anak niya kay Mike. Ang bata ay magiging si Michael Taylor III. Naghawak ng mahigpit ang kanilang mga kamay sa magkabilang panig ng rehas.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Ipaliwanag ang tunggaliang tao vs. sarili na naganap sa nobela. Isulat ito sa iyong kwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Batay sa nobelang *Gapo,* sagutan ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

| Sangkap ng Nobela | Kasagutan |
|---|---|
| Tagpuan | |
| Tauhan | |
| Banghay | |
| Pananaw | |
| Tema | |
| Damdamin | |
| Pamamaraan | |
| Pananalita | |
| Simbolismo | |

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Gamit ang iyong paboritong nobela, sumulat ng buod o lagom nito. Isulat ito sa iyong kwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**: Batay sa iyong paboritong nobela, sagutan ang talahanayan sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

| Sangkap ng Nobela | Kasagutan |
|---|---|
| Tagpuan | |
| Tauhan | |
| Banghay | |
| Pananaw | |
| Tema | |
| Damdamin | |
| Pamamaraan | |
| Pananalita | |
| Simbolismo | |

WEEK 5

# Pagsusuri ng Teleserye at Pagbibigay ng Opinyon

I

## Aralin

Ang mga teleserye ay isa nang bahagi ng buhay nating mga Pilipino. Mula sa pagkakaroon ng mga teleseryeng Pilipino, marami-rami na ring mga teleserye mula sa ibang bansa ang dahan-dahang pumapasok sa ating mga telebisyon. Nagsimula tayo sa mga teleseryeng galing Latin America na pinangungunahan ng mga sikat noong palabas ni Thalia bilang Marimar. Sa paglipas ng panahon, pinasok na rin tayo ng mga teleseryeng galing Taiwan at South Korea. At ngayon, andito na rin ang mga teleserye galing Thailand.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) masuri ang pinanood na teleseryeng Asyano batay sa itinakdang pamantayan; (b) naisusulat ang isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao vs. sarili; (c) nagagamit ang mga pahayag na ginagamit sapagbibigay-opinyon (sa tingin, akala, pahayag/ko at iba pa; at (d) naiuugnay ang sariling damdaming ipinahayag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ano ang iyong paboritong teleserye? Maaari mo bang ibahagi ang dahilan kung bakit paborito mo ito? Isulat ang iyong kasagutan sa iyong kwaderno.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

D

### TELESERYE

Ang teleserye as isang nobelang ginawan ng bersyong ipinapalabas sa telebisyon kaya ito ay maitutuing na isang akdang pampanitikan na nagpapakita ng mga pangyayari na isinulat sa pinakamaayos na pagpaplano at pagbabalangkas ng mga importanteng bahagi at sangkap nito. Kagaya ng nobela at iba pang kuwento, ito ay madalas na sumasalamin sa mga isyu sa lipunan.

Mayroong iba't ibang sangkap ang teleserye na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. tagpuan - lugar at panahon ng mga pinangyarihan
2. tauhan - nagpapagalaw at nagbibigay buhay sa teleserye
3. banghay - pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa teleserye
4. pananaw - panauhang ginagamit ng may-akda **a. una** - kapag kasali ang may-akda sa kwento **b. pangalawa -** ang may-akda ay nakikipag-usap, **(c) pangatlo** - batay sa nakikita o obserbasyon ng manunulat ng iskrip
5. tema - paksang-diwang binibigyan ng diin sa teleserye
6. damdamin - nagbibigay kulay sa mga pangyayari
7. pamamaraan - istilo ng manunulat
8. pananalita - diyalogong ginagamit sa teleserye
9. simbolismo - nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa tao, bagay at pangyayarihan
10. Sinematograpiya - ay ang sining sa pagkuha ng bidyu na kinabibilangan ng liwanag, anggulo, dimensyon at marami pang iba.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: Basahin at unawain ang buod ng teleseryeng *Wildflower* ng ABS-CBN.

**WILDFLOWER**
Buod

Si Lily Cruz ay pinalaki ng kanyang mga magulang na puno ng pagmamahal at karunungan. Ang Pamilyang Cruz ay kontento lamang sa kung anong meron sila o sa simpleng buhay lamang. Ang kanyang ina na si Camia ay isang guro habang ang kanyang ama ay isang abugado. Ngunit ang kamakailang kasong hawak ng kanyang ama ay nagbigay gulo lamang sa kanilang mapayapang buhay kaya naman napag desisyunan ng Pamilyang Cruz na lumipat ng lugar at sila ay napadpad sa maliit na baryo na kung tawagin ay Sitio Ardiente. Naging maayos ang daloy ng buhay nila. Nagkaroon agad ng mga kaibigan si Lily at naging kaibigan rin niya ang isa sa pinakabatang anak ng mga Ardiente na si Diego.

Ang Pamilya Ardiente ay kilala sa kanilang pook bilang isa sa pinakamalakas na pulitiko sa kasalukuyan.

Lumabas ang kumplikasyon noong nagkaroon ng interes ang ama ni Diego na si Raul sa ina ni Lily na si Camia. Pinagtangkaan ng masama ni Raul si Camia kung kaya't si Dante ay nagsampa ng kaso kay Raul sa ginawa nito sa kanyang asawa. At ng dahil doon, ang Pamilya Ardiente ay nagalit sa Pamilyang Cruz kaya naman ang maganda at payapang buhay ni Lily ay muling nagimbal. Ang kanyang ama ay namatay ng dahil sa atake sa puso at nasaksihan rin nito ang ginawang karumaldumal ni Raul sa kanyang ina. Nakatakas si Lily sa kamay ng mga ito at siya ay natagpuan ng isang mayamang tao na si Prianka Aguas na siyang nagbigay ng pag-aaruga at bumuhay kay Lily. Si Lily ay lumaking matalino at maganda, ngunit noong namatay si Prianka ay ipinamana nito lahat kay Lily ang kanyang ari-arian. Kung kaya't nakahanap siya ng paraan upang mabigyang hustisya ang kanyang mga magulang. Siya ay muling bumalik sa Sitio Ardiente upang mabigyang katarungan ang mga magulang ngunit noong siya ay makarating dito ay nakita niya na mas lumala at mas dumadami ang taong nagdurusa sa pamamahala ng mga Ardiente. Doon na nagsimula ang kanyang plano. Nagpakilala siya na Ivy Aguas, at pinalano niya kung pano pababagsakin ang mga Ardiente at kung paano niya matutulungan ang mga tao o mamamayan rito. Ang hamon lamang sa kanya ay ang pagpapanatili ng pag-ibig sa kanyang puso at ang pagbibigay-daan para sa kapatawaran at katarungan na sa pamamagitan ng lahat ng ito, ang pag-ibig ay pumipigil sa kasamaan, ang pag-ibig ay nagpapagaling ng sakit o poot sa puso, at ang pag-ibig ay nagpapatawad.

Sanggunian ng Buod:
https://pagsulatblogcom.wordpress.com/

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Ipaliwanag ang tunggaliang tao vs. sarili na naganap sa teleserye at naranasan ni Lily Cruz o Ivy Aguas. Isulat ito sa iyong kwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Batay sa teleseryeng *Wildflower,* sagutan o ibigay ang iyong opinyon sa mga sumusunod na salik o sangkap ng teleserye. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

| Sangkap ng Nobela | Kasagutan/Paliwanag |
|---|---|
| Tagpuan | |
| Tauhan | |
| Banghay | |
| Pananaw | |
| Tema | |
| Damdamin | |
| Pamamaraan | |
| Pananalita | |
| Simbolismo | |
| Sinematograpiya | |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Gamit ang iyong paboritong teleserye, sumulat ng buod o lagom nito. Isulat ito sa iyong kwaderno.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**: Batay sa iyong paboritong teleserye, sagutan o ibigay ang iyong opinyon sa mga sumusunod na salik o sangkap ng teleserye. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

| Sangkap ng Nobela | Kasagutan |
|---|---|
| Tagpuan | |
| Tauhan | |
| Banghay | |
| Pananaw | |
| Tema | |
| Damdamin | |
| Pamamaraan | |
| Pananalita | |
| Simbolismo | |
| Sinematograpiya | |

WEEK

6

I

# Tula

Aralin

Mayaman sa tula ang kabihasnang Pilipino. Mula noong unang panahon, ang ating mga ninuno ay nabuhay sa mga tulang kanilang nabuo na kanilang ipinasa sa mga tao sa paglipas ng panahon. Ang mga tulang ito ay nagtuturo at nagbibigay-aral na siya ring sumasalamin sa mayaman nating kultura.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) makapaglahad ang sariling pananaw at maihambing ito sa pananaw ng iba tungkol sa pagkakaiba-iba o pagkatulad ng mga paksa sa mga tulang Asyano; (b) matukoy at maipaliwanag ang mga magkakasingkahulugang pahayag sa ilang taludturan; (c) makasulat ng ilang ta-ludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan; at (d) maipaliwanag ang salitang may higit sa isa pang kahulugan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang awiting nasa baba. Maaari mo rin itong kantahin o saliwan ng tugtog.

**BINIBINING MARIKIT**

Juan Caoile at Kyle

Ikaw ang binibini na ninanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nagbigay ng kulay saking mundo
Sana ay panghabang buhay na ito
Ikaw ang binibini na ninanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nagbigay ng kulay saking mundo
Sana ay panghabang buhay na ito

Oh binibini ko, ikaw ang nais ko
Na makapiling sa buong buhay ko
Laman ng panaginip, ikaw ang iniisip
Di ko alam kong bakit ako ay nabibighani
Sa tuwing ikaw, ay napapadaan
Mga mata ko ay, kumikislap agad
Korteng bote na, katawan mo at
Mga ngiti mong matamis naba ay sakto na
Sana'y mapansin, at ako'y dinggin
Mga damdamin ko'y nais maparating
Ako'y nadali ng mga ngiti mo at
Mala angel na mukha sayo'y naakit na
Oh Maria Clara ko, sayo'y hibang ako
Ikaw ang kahulugan ng salitang buhay ko
Ang tanging hiling, Dyos iyong dinggin
Ang babaeng marikit ay mapasakin
Lahat hahamakin, makuha lang ang akin
Kahit buong kalawakan aking kukuhain
Oh aking binibini, ikaw ang pinipili
Sa simula't huli nang aking pag-ibig

Ikaw ang binibini na ninanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nag bigay ng kulay saking mundo

Sana ay panghabang buhay na ito
Ikaw ang binibini na ninanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nagbigay ng kulay saking mundo
Sana ay panghabang buhay na ito

Ang iyong mukha, ay kabisado na
Hindi mabubura pagkat ito'y kakaiba
Oo marami pa naman dyang iba
Ngunit ikaw lang talaga ang nag-iisa
Di ka man ginto, pero ikaw ay mamahalin
Pagbigyan mo lang ako na ikaw ay mapasakin
Para bang nahulog ako sa mataas na bangin
Di ko namalayan dahil sa iyong mga tingin
Hubog ng yong katawan ay nakakatulala
Kislap ng iyong mata'y tanawing napakaganda
Di matatawaran kahit pa magdamagan
Ko pa tong titigan di'ko 'to pag sasawaan
Binubuhat mo ang aking pakiramdam
Ang bigat nito ikaw ang nag pagaan
Tayo ay nagkaaway at nagkayamutan
Ngunit walang umawat kaya't yun nag katuluyan
Aking binibini, ikaw ang pinipili
Sa simula't huli nang aking pag-ibig
Aking binibini, ikaw ang pinipili
Sa simula't huli nang aking pag-ibig

Ikaw ang binibini na ni nanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nag bigay kulay saking mundo
Sana ay panghabang buhay na ito
Ikaw ang binibini na ni nanais ko
Binibining marikit na dalangin ko
Ikaw ang nag bigay kulay saking mundo
Sana ay panghabang buhay na ito

Oh… aking binibini, ikaw ang pinipili
Sa simula't huli nang aking pag-ibig
Ikaw ay nasa panaginip lang ang umasang makasama ka'y para na kong nahihibang
Ikaw ay nasa panaginip lang ang umasang makasama ka'y para na kong nahihibang

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa iyong kwaderno, sagutan ang mga tanong sa ibaba.

1. Ano ang tema na ipiniparating ng awitin?
2. Anong katangian ng awitin ang iyong nakita o natuklasan?
3. Ipaliwanag ang ritmo ng kanta.
4. Anong mga salita sa awitin ang hindi pangkaraniwang ginagamit? Tukuyin ang kahulugan ng bawat isa.

D

**TULA**

Ang **tula** ay isang uri ng panitikan na binubuo ng mga salitang may ritmo at metro. Ang *ritmo* ay ang haba o iksi ng ng mga pattern samantalang ang *metro* ay tumutukoy sa haba o iksi ng bilang ng mga pantig sa bawat linya.

Ang tula ay binubuo ng mga sumusunod na elemento:

1. **Sukat** – tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtod na nakapaloob sa isang saknong.
2. **Saknong** – tumutukoy sa isang grupo sa loob ng isang tula na maaaring binubuo ng isang taludtod o higit pa.
3. **Tugma** – ay tumutukoy sa pagkakaroon ng pagkakasintunog ng mga huling pantig ng huling salita ng bawat linya.
4. **Kariktan** – ay mga salitang ginagamit upang magpasaya o magbiay sigla sa damdamin ng mambabasa.
5. **Talinghaga** – ay tumutukoy sa di-tahasang pagtukoy sa mga bagay na binibigyang-turing sa tula.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin at pag-aralan ang tula.

**KABAYANIHAN**
ni Lope K. Santos

Ang kahulugan mo'y isang paglilingkod
na walang paupa sa hirap at pagod;
minsang sa anyaya, minsang kusang-loob,
pag-ibig sa kapwa ang lagi mong diyos.

Natatalastas mong sa iyong pananim
iba ang aani't iba ang kakain;
datapwa't sa iyo'y ligaya na't aliw
ang magpakasakit nang sa iba dahil.

Pawis, yaman, dunong, lakas, dugo, buhay…
pinupuhunan mo at iniaalay,
kapagka ibig mong sa kaalipinan
ay makatubos ka ng aliping bayan.

Sa tulong mo'y naging maalwan ang dukha,
sa turo mo'y naging mulat ang mulala,
tapang mo'y sa duwag naging halimbawa't
ang kamatayan mo ay buhay ng madla.

Tikis na nga lamang na ang mga tao'y
mapagwalang-turing sa mga tulong mo;
ang kadalasan pang iganti sa iyo
ay ang pagkalimot, kung di paglililo.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong kwaderno.

1. Sa anong isyu mo maaaring iugnay ang mensaheng kalakip ng tula?
2. Anu-ano ang mga salitang may malalim na kahulugan? Tukuyin ang ka-hulugan ng bawat isa.
3. Ipaliwanag ang bawat elementong nakapaloob sa tula sa itaas.

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin at pag-aralan ang tula sa ibaba.

**Dugo at Laya**
*Nemesio E. Caravana*

Tanging lalaki kang nagmahal sa bayan
Na ang sinandata'y panitik na tangan…
Nang ikaw'y barilin ng mga kaaway
Dugo mo ang siyang sa laya'y umilaw!

Sa dalawang mahal na laman ng isip,
Na Irog at Bayang kapwa mo inibig…
Bayan ang piniling mabigyan ng langit
Kahit ang puso mo ay sakdal ng hapis.

Namatay ka upang mabigyan ng laya
Ang sinilangan mo na lahi at lupa…
Sa tulog na isip ng liping mahina
Dugo mo ang siyang nagbigay ng diwa.

Nabubo sa lupa ang mahal mong dugo –
Ang galit ng bayan naman ay kumulo…
Kaya't nang mabutas ang mahal mong bungo,
Ay laya ng lahi naman ang nabuo!

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong kwaderno.

1. Sa anong isyu mo maaaring iugnay ang mensaheng kalakip ng tula?
2. Anu-ano ang mga salitang may malalim na kahulugan? Tukuyin ang kahulugan ng bawat isa.
3. Ipaliwanag ang bawat elementong nakapaloob sa tula sa itaas.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sa iyong kwaderno, sumulat ng apat na taludturang tula na may binubuo ng apat na linya sa bawat taludtod. Isentro ang tula sa tema sa pagpapahalaga sa pagiging isang mabuting mamamayan Pilipino.

# Debate: Pagpapahayahag ng Nararamdaman


I

## Aralin

Isang paraan na ginagamit sa pagpapahayag ng ating nararamdaman at saloobin ay sa pamamagitan ng debate. Ang debate ay isang paraan ng pagpapahayag ng ating pagtayo tungkol sa isang paksa, isyu o usapin. Kinakailangan na sa pakikipagdebate ay tayo ay maging handa hindi lamang sa paraan ng pagsasalita kung hindi pati na rin sa puntong gusto nating bigyang linaw o kasagutan.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) makasuri ng paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa napanood na debate o kauri nito; (b) makasulat ng sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng mga batang Asyano; (c) makagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling nararamdaman; at (d) makabuo ng paghuhusga sa karakterisasyon ng mga tauhan sa kasningan ng akda.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang larawan at impormasyong kuha mula sa Philippine Star noong July 7, 2020.




Sanggunian: https://www.facebook.com/PhilippineSTAR/photos/a.134754620011561/1844739379013068/?type=3&theater

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang larawan sa itaas, isa-isahin ang iyong pagtalima o pag-iba ng paniniwala tungkol sa nasabing pahayag. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

D

**DEBATE**

Ang debate ay isang sining ng pakikipagtalastasan sa pagpapahayag ng ating saloobin, nararamdaman o paniniwala tungkol sa isang paksa, isyu o usapin. Sa debate, mayroong dalawang pangkat na binubuo ng isang pangkat na panig sa proposisyon at isang pangkat na oposisyon o hindi sumasang-ayon sa proposisyon. Mayroon ding isang moderator na nagsisilbing tagapamagitan ng dalawang panig at nagsisigurong maayos ang magiging takbo ng buong debate. Mayroong hurado sa debate na nagsisilbing patas na tagahatol sa mga iiwanang salita ng dalawang panig. Mayroon ding timekeeper na magsisilbing tagabantay ng oras upang hindi lumagpas sa oras ang pagpapahayag ng tigkabilang panig.

Sa debate ay bibigyan ang dalawang panig ng sapat na oras upang maihanay at mailatag ang kanilang mga salita at punto. Bibigyan din sila ng oras para banggain ang mga salitang sasabihin ng kanilang katunggali.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Bilang Asyano, anu-ano sa tingin mo ang mga katangiang dapat at hindi dapat taglayin mo? Isulat ang mga ito sa iyong kwaderno gamit ang talahanayan sa ibaba.

| Mga Katangiang Dapat Taglayin | Mga Katangiang Di-Dapat Taglayin |
|---|---|
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gamit ang mga pang-ugnay na ating tinalakay, bumuo ng isang talatang maghahayag ng iyong paniniwala sa mga katangiang dapat at di-dapat taglayin ng isang batang Asyano.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Pumili ng iyong paboritong kuwento o palabras. Pumili ng dalawang tauhan: isang bida at isang kontrabida. Isa-isahin ang katangiang ipinakita o tinataglay ng dalawang tauhan. Isulat ang iyong sagot sa iyong kwaderno.

| Bida | Kontrabida |
| --- | --- |
| | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Batay sa iyong deskripsyon sa mga tauhan sa itaas, pumili ng mas hinahangaan mong tauhan. Sumulat ng isang talata na magpapakita ng iyong pagsang-ayon sa karakterisasyon ng napili mong tauhan. Isulat ito sa iyong kwaderno.

WEEK
8

# Pagpapahayag ng Katotohanan

Aralin

I

Ang pagpapahayag ng katotohonan ay isang tungkuling dapat gampanan ng bawat isa. Sa pagpapahayag ng katotohanan, dapat tandaan ang pagiging matapat at makatarungan sa mga bagay na ginagawa at sinasabi.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) maipaliwanag kahulugan ng salita habang nababago ang estruktura nito; (b) masuri ang pagiging makatotohanan ng ilang pangyayari sa isang dula; (c) magamit ang mga ekspresyong magpahayag ng katotohanan (sa totoo, talaga, tunay, at iba pa); at (d) maibahagi ang sariling pananaw sa resulta ng isinasagawang sarbey tungkol sa tanong na "Alin sa mga babasahin ng Timog-Silangang Asya ang iyong nagustuhan?"

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Nakapanood ka na ng palabas sa entablado? Anu -anong ang iyong mga obserbasyon sa napanood na dula? Isulat ito sa iyong kwaderno.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

D

**DULA**

Ang **dula** ay isang uri ng panitikang nahahati sa mga yugto na mayroong mga tagpo. Ito ay panitikang itinatanghal sa tanghalan o entablado. Karamihan sa tema o pokus ng mga dula ay nagpapakita ng mga kwentong hango sa totoong buhay. Ang tawag sa dulang ipapalabas ay ang iskrip. Ang **tagpo** ay ang paglalabas-masok sa entablado n mga tauhan. Ang dula ay mayroong mga sangkap na binubuo ng simula, gitna at wakas.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang dulang ito na sinulat ni Severino Reyes.

**WALANG SUGAT**
ni Severino Reyes

II TAGPO
(Tenyong at Julia…)

Tenyong : Julia, tingnan ko ang binuburdahan mo…
Julia : Huwag na Tenyong, huwag mo nang tingnan, masama ang pagkakayari, nakakahiya.Tenyong: Isang silip lamang, hindi ko na hihipuin, ganoon lang? … ay…

Julia : Sa ibang araw, pagkatapos na, oo, ipakikita ko sa iyo.
Tenyong : (Tangan si Julia sa kamay) Ang daliri bang ito na hubog kandila, na anaki'y nilalik na maputing garing. Ay may yayariin kayang hindi mainam? Hala na, tingnan ko lamang.
Julia : Huwag mo na akong tuyain, pangit nga ang mga daliri ko.
Tenyong : (Nagtatampo) Ay!...
Julia : Bakit Tenyong, napagod ka ba? (Hindi sasagot). Masama ka palang mapagod.
Tenyong : Masakit sa iyo!
Julia : (Sarili) Nagalit tuloy! Tenyong, Tenyong... (sarili) Nalulunod pala ito sa isang tabong tubig!
Tenyong : Ay!
Julia : (Sarili) Anong lalim ng buntong hininga! (Biglang ihahagis ni Julia ang bastidor). (Sarili) Lalo ko pang pagagalitin.

Tenyong : (Pupulutin ang bastidor at dala). Julia, Julia ko. (Luluhod) Patawarin mo ako; Hindi na ako nagagalit...
Julia : Masakit sa aking magalit ka at hindi. Laking bagay!
Tenyong : Lumalaganap sa dibdib ko ang masaganang tuwa, narito at nakikita ko na minarapat mong ilimbag sa panyong ito ang pangalan ko.
Julia : Hindi ah, nagkakamali ka, hindi ukol sa iyo ang panyong iyan...
Tenyong : Sinungaling! At kaninong pangalan ito? A. Antonio N. Narciso, at F. ay Flores.
Julia : Namamali ka, hindi mo pangalan iyan.
Tenyong : Hindi pala akin at kanino nga?
Julia : Sa Among! Iya'y iaalay ko sa kanya ngayong kaarawan ng pasko.
Tenyong : Kung sa among man o sa demonyo, bakit ang letra'y A, N, at F?
Julia : Oo nga sapagkat ang A, ay Among, ang N, Natin at ang F ay Frayle.
Tenyong : Among Nating Frayle, laking kaalipustaan! Huwag mo akong aglahiin ng tungkol sa mga taong iyan at madaling magpanting ang tainga ko.
Julia : Nakaganti na ako! (Dudukutin ni Tenyong sa kanyang bulsa ang posporo at magkikiskis ng maraming butil at nag-aalab na magsasalita).
Tenyong : Julia, magsabi ka ng katotohanan, para sa kura nga ba? Kapag hindi ko sinilaban, ay...sinungaling ako... mangusap ka. Susulsulan ko na? (Anyo nang sisilaban).

Musika No. 2

Julia : Huwag mong silaban ang tunay mong pangalan.
Tenyong : Sa pagkakasabi mong sa kurang sukaban nagising ang galit at di mapigilan.
Julia : Hindi maghahandog sa lahi ni Satan, ang panyong iyan ay talagang iyo, sampu ng nagburdang si Juliang iniirog mo.
Tenyong : Salamat, salamat, Juliang poon ko.
Julia : Oh, Tenyong ng puso, Oh, Tenyong ng buhay ko.
Tenyong : Pag-iibigan ta'y kahimanawari lumawig na tunay at di mapawi paglingap mo sa akin kusang mamalagi huwag malimutan sa tuwi-tuwi...
Tenyong : Julia ko'y tuparin adhikain natin.
Julia : Tayo'y dumulog sa paa ng altar.
Tenyong : Asahan mo.
Sabay : Di mumunting tuwa dito'y dumadalaw, ano pa't wari di na mamamatay sa piling mo oh!

(Tenyong) niyaring buhay (Julia) maalaalang may kabilang buhay...

(Lalabas si Juana).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Isa-isahin ang mga salitang may malalim o di-pamilyar na kahulugan. Hanapin ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa sariling pangungusap.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Bumuo ng isang talata at tukuyin kung ang mga nasabing pangyayari sa dula ay makatotohanan o hindi. Gumamit ng mga salitang ngapapahayag ng katotohanan kagaya ng *sa totoo, talaga, tunay* at iba pa.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Magsagawa ng sarbey sa paksang "Alin sa mga babasahin ng Timog-Silangang Asya ang iyong nagustuhan?". Pagkatapos, bumuo ng tsart at mga talata na magpapakita ng paghahanay ng resulta sa ginawang sarbey.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gumawa ng maiksing dula tungkol sa babasahing nagugustuhan batay sa resulta ng sarbey sa itaas. Isulat and dula sa iyong kwaderno.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sumulat ng talata na nagpapaliwanag sa pagiging makatotohan o di-makatotohonan ng dulang iyong ginawa.

## Sanggunian

**INTERNET**


"Binibining Marikit". Retrieved from https://www.azlyrics.com/lyrics/juancaoile/marikit.html

"Debate". Retrieved from https://panitikanblog.wordpress.com/2016/05/07/debate-o-pakikipagtalo/

"Dula". Retrieved from http://rosiefilipino10.weebly.com/dula.html#/

"Gapo ni Lualhati Bautista". Retrieved from http://rosiefilipino10.weebly.com/nobela.html#/

"Kabayanihan". Retrieved from https://philnews.ph/2020/01/07/tula-10-halimbawa-ng-mga-tulang-pilipino-philnews/

"Larawan ni Sec. Harry Roque". Retrieved from https://www.facebook.com/PhilippineSTAR/photos/a.134754620011561/1844739379013068/?type=3&theater

"Maikling Kuwento". Retrieved from https://www.pinoyedition.com/maikling-kwento/

"Nobela". Retrieved from http://rosiefilipino10.weebly.com/nobela.html#/

"Pang-ugnay". Retrieved from https://www.slideshare.net/midnight-jassy/mga-pangugnay-pangatnig-pangangkop-at-pangukol

"Panibagong Paghihigpit". Editoryal ng Pilipino Star Ngayon. Retrieved from https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2020/08/04/2032713/editoryal-panibagong-paghihigpit

"Teleserye". Retrieved from http://rosiefilipino10.weebly.com/nobela.html#/

"Tula". Retrieved from https://philnews.ph/2019/09/06/elemento-ng-tula-ano-ang-limang-mga-elemento-nito/

"Walang Sugat". Retrieved from http://rosiefilipino10.weebly.com/dula.html#/

"Wildflower (Ang Buod)". Retrieved from https://pagsulatblogcom.wordpress.com/

Reyes, Edgardo. *Ang Gilingang Bato.* Retrieved from https://www.facebook.com/215649688828253/posts/ang-gilingang-batoni-edgardo-m-reyesmay-kahulugan-sa-buhayang-gilingang-bato-ng-/522408428152376/

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION

KAGAWARAN NG EDUKASYON REHIYON IV- CALABARZON